Kagawaran ng Paggawa ng Estados Unidos

OSHA®

Pangasiwaan para sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho

# Kaligtasan sa Trabaho at Kalusugan

# IYAN ANG BATAS!

### Lahat ng manggagawa ay may karapatang:

- Magtrabaho sa isang ligtas na lugar.
- Idulog sa tagapamahala ng inyong trabaho o sa OSHA ang anumang pagkabahala tungkol sa iyong kaligtasan o kalusugan, sakit o kapansanan na may kinalaman sa inyong gawain, nang walang pangambang kayo ay gantihan.
- Tumanggap ng impormasyon at nararapat na pagsasanay ukol sa mga panganib na kakaharapin sa inyong trabaho, at anumang mapanganib na bagay na nasa inyong lugar na pinagtatrabahuhan.
- Humiling sa OSHA ng pagsusuri o inspeksyon sa iyong pagawaan kung sa tingin ninyo ay may mga kondisyon o bagay-bagay dito na hindi ligtas at nakakaapekto sa inyong kalusugan. Pananatilihing lihim ng OSHA ang inyong pangalan. May karapatan din kayong magpatulong sa isang kinatawan para makipag-ugnayan sa OSHA para sa inyo.
- Lumahok (o di kaya ay atasan ang inyong kinatawan na lumahok) sa pagsusuring gagawin ng OSHA, at kausapin nang sarilinan ang tagapagsuri.
- Magsampa ng reklamo sa OSHA sa loob ng 30 araw (sa pamamagitan ng telepono, online o sa koreo) kung kayo ay ginantihan dahil sa pagsusulong ninyo ng inyong karapatan.
- Malaman ang anumang kautusang ipinapatupad ng OSHA sa inyong amo o tagapamahala.
- Humiling ng kopya ng inyong pansariling talaang medikal, mga pagsusuring ginawa para tukuyin ang mga panganib sa inyong pagawaan, pati na rin ang talaan ng mga naging karamdaman at kapansanang nagmula sa inyong pagawaan.

### Ang mga may-ari ng pagawaan ay dapat:

- Siguruhing ligtas ang pagawaan at wala itong anumang kilalang mapaminsalang materyales o kalagayan. Labag sa batas na gantihan ang isang empleyado na naninindigan lamang sa kanyang karapatan sa ilalim ng batas, dumudulog sa inyo o sa OSHA tungkol sa anumang pangamba sa kanyang kaligtasan, at nagbibigay-alam sa kinauukulan dahil sa kapinsanan o sakit na may kinalaman sa kanyang trabaho.
- Tumupad sa lahat ng mga naangkop na pamantayan ng OSHA.
- Ipagbigay-alam sa OSHA ang lahat ng empleyadong namatay sa sanhi na may kinalaman sa paggawa sa loob ng 8 oras, gayundin lahat ng naospital, naputulan ng ilang bahagi ng katawan at nabulag sa loob ng 24 oras.
- Magkaloob ng kinakailangang pagsasanay sa lahat ng manggagawa sa wika at katagang kanilang mauunawaan.
- Ipaskil ang pahayag na ito sa loob ng pagawaan na madaling mabasa ng lahat.
- Ipaskil ang mga kautusan o lathala mula sa OSHA malapit sa o sa mismong pinangyarihan ng pinaghihinalaang paglabag sa batas.

Ang OSHA ay nagkakaloob ng **LIBRENG TULONG** sa mga maliliit at di-kalakihang may-ari ng pagawaan upang matukoy at maituwid ang mga mapanganib na kalagayan sa kanilang pagawaan, nang sa gayon ay maiwasan ang mga kautusan at kaparusahang sanhi ng paglabag ng batas, sa pamamagitan ng mga programang pang-konsultasyon na sinusuportahan ng OSHA sa bawat estado sa bansang Estados Unidos.

*Ang karatulang ito ay libre mula sa OSHA.*

***Kontakin ang OSHA. Makakatulong kami.***



**1-800-321-OSHA (6742) • TTY 1-877-889-5627 • www.osha.gov**

SHA 3921-09 2017
s the Law – Tagalog

Source: OSHA (osha.gov) | Traduit par https://hseacademy.online/